## Pagkatapos ng pagpaparehistro

Q: **Paano malalaman kung ako ay isang ganap ng *registered voter*?**

A: Magtungo sa opisina ng inyong local COMELEC at hanapin ang inyong pangalan sa listahan ng mga botante o kaya ay hanapin ito sa *Precinct Finder* ng COMELEC *website*. Maliban sa lagay o status ng iyong pagpaparehistro, makikita mo rin sa listahan ang iyong *precinct number* at *polling center*. Kailangan muna aprubahan ng *Election Registration Board* ang iyong aplikasyon bago mo makita ang iyong pangalan sa *Precinct Finder*. Ang inyong lokal na COMELEC ay magbibigay rin ng abiso tungkol sa resulta ng iyong pagpaparehistro. Maaari lamang malaman ang resulta ng iyong pagpaparehistro pagkatapos ng hearing ng ERB, makikita ang mga araw na ito sa COMELEC website.

Q: **Ano ang *Voter ID*?**

A: Ito ay isang valid ID na tinatanggap ng lahat ng opisina ng gobyerno at mga bangko. Ito ay walang bayad at ibinibigay lamang ito sa mga rehistradong botante na mayroong *validated records*.

Q: **Paano kung nawala o nasira ang aking *Voter ID*?**

A: Kung nawala ang iyong *Voter ID*, kumuha at punan ang "*Request for Replacement of Voter ID"* na form. Kinakailangan rin ng *affidavit of loss* sa pagsumite nito. Magbayad ng isang daang piso (Php 100) para at pagpapaproseso at pagpapa- reprint nito.

**Para malaman ang nararapat at pinakamalapit na opisina ng COMELEC sa inyong lugar, bumisita lamang sa:**

http://www.comelec.gov.ph/?r=AboutCOMELEC/OrganizationalInfo/ContactInformation/NCROffices

**Para sa paggamit ng *Precinct Finder*:**

http://www.comelec.gov.ph/?r=VoterRegistration/RegistrationStatusVerification/precinct_finder

**Ang mga impormasyon ay galing sa opisyal na *website* ng COMELEC:**

http://www.comelec.gov.ph/

**Numero ng *Election and Barangay Affairs Department*:** 525-9298

Adres ng inyong lokal na NAMFREL at COMELEC

### The NAMFREL National Secretariat

Unit 601, DMG Center, Domingo M. Guevara St., Brgy. Mauway, Mandaluyong City, Philippines 1550


Telefax: +632-4511586/ 4704151
E-mail: secretariat@namfrel.com.ph

**"It is better to light a candle than to curse the darkness."**

NAMFREL

NAMFREL

# Isang Gabay sa Pagpaparehistro mula sa NAMFREL




**Panahon ng Pagpaparehistro:
Mayo 6, 2014–Oktubre 31, 2015**

# MGA KADALASANG TANONG NG MGA MAGPAPAREHISTRO/NAGPAREHISTRO

## Pagpaparehistro ng mga Botante

**Ano:** Pagpaparehistro ng mga kwalipikadong botante
**Saan:** Opisina ng inyong Local na COMELEC na malapit sa inyong city/municipal hall
**Kailan:** Mayo 6, 2014 – Oktubre 31, 2015
**Bakit:** Upang makaboto
**Sino:** Pilipino, 18-taon gulang o higit pa, kasalukuyang naninirahan sa Pilipinas ng isang taon o higit pa bago ang araw ng eleksyon at naninirahan ng hindi bababa ng anim na buwan sa bayan o siyudad ( barangay) kung saan siya boboto sa araw ng halalan.

Q: **Kailan ako maaring magparehistro kung ako ay magiging 18-anyos makaraan ang huling araw ng pagpapparehistro (Mayo 9, 2016)?**

A: Maaari ka lamang magparehistro mula Mayo 9, 2015 hanggang Oktubre 31, 2015.

Q: **Kung ako ay nakapagparehistro na dati, kailangan ko pa ba magparehistro ulit?**

A: Hindi na, ang pagpaparehistro ay isang beses lamang isinasagawa. Gayon man, kailangan magtungo sa inyong lokal na COMELEC kung ikaw ay:

1. Lumipat ng lugar ng tirahan at kinakailangang mag-aplay at magsumite ng *transfer of record*.
2. *Deactivated* na sa talaan ang iyong pangalan at kailangang magpasa ng *reactivation of registration record*.
3. Kailangan mo pa mag pa *biometrics* o ipakuha ang mga fingerprints upang ma-validate ang pagiging registered voter.

Q: **Paano ko malalaman kung ang aking record ay *'deactivated'* o wala ng bisa?**

A: Wala ng bisa ang iyong pagiging botante kung:

- Hindi ka isang ganap na mamamayang Pilipino
- Hindi ka na nakaboto sa dalawang magkasunod na eleksyon. Ang pagpaparehistro para sa eleksyon ng Sanggunian Kabataan (SK) ay hindi kabilang sa pagpaparehistro sa regular na eleksyon.
- Hindi ka pa nakapag-biometrics (validation).

Q: **Ano ang '*validation*?**

A: Ito ay isang dagdag na proseso ng pagkuha ng *biometrics data* (litrato, pirma at finger print marks) sa rekord ng isang rehistradong botante. Ito ay kailangan rin para makakuha ng Voter's ID at para makaboto sa eleksyon sa darating na 2016. (Mandatory Biometrics Voters Registration - RA no. 10367)

## Anu-ano ang mga tatanggaping Valid ID?

- *Current employees ID, with the signature of the employer or authorized representative;*
- *Postal ID;*
- *PWD Discount ID;*
- *Student's ID or library card, signed by the school authority;*
- *Senior Citizen's ID;*
- *Driver's license;*
- *NBI/PNP clearance;*
- *Passport;*
- *SSS/GSIS ID;*
- *Integrated Bar of the Philippine (IBP) ID;*
- *License issued by the Professional Regulatory Commission (PRC);*
- *Certificate of Confirmation issued by the National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) in case of members of ICCs or IPs*

**NOTE**: Magdala ng *photocopy* ng inyong *valid ID*, kung sakaling hiningan kayo ng inyong lokal na COMELEC

## Anong klaseng *application form* ang kailangan kong kunin?

- **New Registration** (CEF-1A) – Puting Papel
- **Transfer of Residence** (CEF-1B) – Berdeng Paper
- **Correction of Entries or Change of Name**(Upper part of CEF-1D) – Azul na papel
- **Inclusion/Reinstatement of Record in the List of Voters** (lower part of CEF-1D) – Azul na papel
- **Reactivation of Record** (CEF-1C) – Dilaw na papel
- **Updating of records for PWDs, senior citizens, ICC/IP voters** (Supplementary Data) – Puting papel

Q: **Maari ba akong mag-*print* ng *application form* sa aking bahay at punan ito?**

A: Oo, ang mga *downloadable* at *printable blank application forms* ay makikita sa COMELEC *website*. I-*print* ito sa isang *long bond paper* (mas mainam sa substance 20/70 gsm). Punan ang tatlong kopya ng *application form*. Huwag munang maglagay ng *thumb m*arks dahil kailangan ang superbisyon ng isang opisyal ng COMELEC sa paglalagay nito.

## Proseso ng Aplikasyon

Q: **Ano ang mga kailangan para sa pagpapa-*transfer* ng rekord?**

1. Kung ikaw ay lumipat ng ibang siyudad o bayan, kailangan mong maging isang residente ng iyong bagong lugar na tinitirahan ng hindi bababa sa anim na buwan bago ang araw ng eleksyon.
2. Kailangan mong ipakita ang iyong COMELEC ID o ang iyong *certification* na galing sa *election official* kung saan dati kayong nagparehistro at kung ang inyong pangalan o record ay di kabilang sa *National List of Registered/Deactivated Voters (NLRDV*). Kung kayo ay walang patunay o katibayan, kailangang kumuha ng bagong *registration form at certification* na nagsasabing kailangan mong mag-aplay ng *transfer* pero sa halip ikaw ay inabisong mag-aplay ng *original registration*.

Q: **Ano ang kailangan upang pag-aplay para sa pagbabago ng may mga mali sa dati kong form?**

1. Kung kaarawan o petsa ng kapanganakan, kailangan magpakita ng isang *court order.*
2. Sa pagpapalit ng pangalan, kinakailangan ang *order of Civil Registrar.*
3. Kung ang pangalan ay may kinalaman sa pagpapalit ng *marital status*, isang katibayan o *certification* ng isang *marriage solemnizing officer (para sa mga Muslim)* o a *certified true copy of marriage contract* o *court order*, o *order by the Civil Registrar* o kaya *Consul General* ay kailangang ipakita. *Ang certified true copy of the court's final order* ay kailangan kung ang inyong *marital status* ay *annulled* o wala ng bisa.

Q: **Paano kung ang taong mag-aaplay ay di marunong magbasa at magsulat o mayroong kapansanan?**

A: Ang aplikante ay maaaring magkaroon ng katulong o *assistor* na maaring isang election officer, kahit sinong miyembro ng isang accredited Citizens arm, kamag-anak na nasa loob ng *fourth civil degree of consanguinity o affinity* (eg. Kapatid, magulang, hipag, bayaw o pinsang buo) o kahit sinong tao na kanyang pinagkakatiwalaan na bahagi ng kanyang pamamahay. Lahat ng mga *assistor* ay dapat nasa edad na at maari na silang bumoto. Babasahin ng EO sa aplikante ang form na pinunan na at tatanungin sa kanya kung totoo at tama ba ang mga nakasulat dito. Kailangan ng assistor na punan ang tatlong kopya ng *"Certification/Attestation"* na matatagpuan sa *Supplementary Data Form* na isasama sa aplikasyon.

Q: **Ganap na ba akong isang botante matapos ko matanggap ang *acknowledgement receipt* o resibo?**

A: Hindi pa. Ang iyong aplikasyon ay kailangan pang abrubahan ng *Election Registration Board (ERB*) at kailngan mong hintayin ang abiso ng pagtala ng iyong pangalan sa Book of Voters bago maging isang ganap na botante.